Kapurisu atia yang mga sinyas ang pagirintindian yang tau tung sagpaw may tau tung adalem. Kapurisu yang sinyas, impurtanti kang maaskean, ay tia yay pagpakdul ta pagirintindian. Purki kung india maske tung mga sinyas, india ka puiding magselem tung busu, ang tung adaralem dang teeb agpagselem. Kaministiran, baklua magpakled tung mga ubrang atiang pagselem tung adaralem ang paggamit ta kumprisur, aralan mu ra kanay yang tanan ang mga bagay ang dapat mung maintindian. Ig kung nagkaraaskean mu ra yang tanan ang pasikut-sikut, puidia rang magselem tung pagbusu ang pagselem tung adaralem ang teeb.

M-3 Asan tung barkung paganingen M-3 duunaw nagmanu-manu ang nagpaabwat. Purki nakipit yang husu, ig yang makina patay.

M-4 Yang barkung atiang paganingen M-4 indi yamen naita. Kapurisu indi ami ka napagselem duun.

M-5 Yang barku kang atiang M-5, pinagselman ka yamen, piru anda kay disgrasia ang nainabu tung yamen.

M-6 Yang barkung paganingen M-6 duunaw ngasiraduay ta giripu yang gasmas. Kapurisu naplekanaw ta palet.

M-7 Yang barkung M-7, yay nadisgrasiaan ang nabaldaan yang aruman yamen ang busiru. Purki nagpuswak yang kumprisur.

M-10 Yang barku tung lumiru 10, atia ipinaltaw. Kapurisu yang pinagselem yamen ya ra ilem yang mga landuk ang nagkarawasak-wasak.

ANG AKING PAGSALBA

Yaong mga nalubog at inaakalang may kargang mga kagamitan. Kaya't napagkaisahan ng mga taong may lantsang malalaki na maari silang magsalba. At mga lantsang may kumpletong ang maaaring gamitin para sa pagsisid ng mga barkong lumubog sa kailaliman ng dagat.

Dahil sa sanay-sanay na rin naman ako sa pagsisid ay pumasok akong tagapagsalba ni G. Vicente Araneta upang subukin ko rin naman ang iba't ibang paraan ng paghahanapbuhay sa dagat upang malaman ko kung alin kaya sa mga ito ang madaling mapagkakakitaan ng pera. Para akong kinakabahan noong una kong pagsama sa pagsasalba sapagka't hindi ko pa nararanasan ang pagsalba sa mga barkong nalubog. Ang kinatatakutan ko tungkol sa gawaing ito ay baka mayroong mga bagay na mapanganib sa loob ng bodega ng barko. Kaya noong una ko pa lamang pagsisid ay hindi muna ako pumasok sa bodega ng barko kundi doon sa ibabaw lamang, namumulot ng mga bakal na nagkalat na aking matatalian upang ipahatak. Ang mga kawad ay ginagawang kable na kasinlaki ng lubid na naylon at itinatali sa winch na panghatak. Ang winch ay ang pinag-iikirang ng kable. Ito ay ginagamit sa

pagbubuhat ng mga bagay na mabibigat. Matapos kong hatakin ang kable at maiayos sa lantsang pangsalba, tatlong beses kong sinenyasan ang naglalaynman sa akin na hilahin ang aking hos. Nang masenyasan ko ang naglalaynman sa akin, kaagad niya akong hinatak. Ang tinatawag na paglalaynman ay ang paghatak sa hos ng taong sumisisid. Ang hos naman ay bilog na may butas. Ito ay mahaba at matibay. Ito ang dinadaluyan ng hangin. Hindi lang ako ang sumisisid na mag-isa kundi palit-palit kaming magkakasamang maninisid. Pag may isang umahon mula sa tubig upang mamamahinga, mayroon namang isang sisisid. Sa salba na aking nasamahan ay tatlo kaming busero at isa naman ang nagpapaikot ng winch. Nang may mga isang linggo na kami sa lantsang pangsalba, ay parang napawi na rin ang aking takot dahil sa araw-araw na pagsisid. Nasanay na rin ako. Bale wala na ang takot sa akin. Sa isip ko ay parang sa katihan lamang ako sumisisid. Sa pakiramdam ko naman ay wala namang nangyayari sa aking mga kasamahan kung sila ay pumapasok sa barko kaya lakas loob ko na ring pinasok ang mga bodega ng barko. Bago ako pumasok ay ipinaliwanag sa akin ng aming pinuno na ang hos ay mahalaga at hindi dapat mapabunton sa ilalim. Delikadong

pumulupot ang hos sa alambre o tubo pagka't maaaring mamatay ang makina at mahihirapang maramdaman ang senyas. Kaya nang nalalaman ko na ang mga mahahalagang bagay ay saka ako pumasok sa mga bodega. Naiisip kong maliwanag sa loob ng barko nguni't madilim pa pala sa gabi. Wala kaming magagawa sapagka't katungkulan naming mga busero na sumisid at sumunod sa mga ipinag-uutos ng aming pinuno.

Noong ako na ang sumisid, una kong ipinababa ang kable. Nang makarating na ang kable sa inaakala kong ibabaw ng barko ay saka ko inihulog ang kable sa ilalim ng bodega. Nang maituon ko na ang kable sa bodega ay saka ako pumasok sa loob nito upang maghanap ng bakal na mapagtatalian. Dahil sa madilim sa loob ng bodega, ang ginawa ko ay kinapa ko na lang. Kung alin ang umuuga ay siya kong tinatalian. Matapos kong matalian ay lumabas na ako sa loob ng bodega at dalawang beses kong hinila ang aking hos upang ipahatak sa namamahala ng winch ang bakal na aking tinalian. Kaya upang malalaman ko na hindi sumabit ang bakal na aking tinalian ay hinawakan ko ang kable upang mararamdaman ko kung ito ay lumalakad o hindi. Kung ang kable ay hindi dumadalusdos sa aking kamay, ito ay sumabit. Kaya sumenyas ako ng

isang beses na hinila ko ang aking hos upang hatakin ng mga birador ang kable at sa gayo'y malalaman nila kung ang bakal na ipinapahila ko ay sumabit. Pagkatapos binalikan ko na ang bakal na sumabit, at kinapa ko kung saan sumabit. Ang ginawa ko sa sumabit na iyan, ay linagari ko upang tuloy-tuloy ang paghatak, nangangahulugang natanggal na ito sa kanyang sinasabitan.

Hindi ko sinasabing isa lang ang dapat mong malaman sa pagsisid. Mayroon pang higit na mahahalagang bagay na dapat mong malaman sa pagsisid sa mga barkong lumubog. Dahil kung minsan, may mga bakal na parang mga bulok at matatalim ang gilid. Halimbawa, kung sa ilalim ka naghahanap ng bakal na matatalian, huwag kang patadyak-tadyak. Baka bakal na matatalim ang matagpuan mo. Dahil dito'y magkakaroon ka ng malalaking sugat. Ang lahat ng ito'y nangyari na sa akin. Katulad na lamang noong una kong pagsisid, sa labis kong pagsikad ay nasugatan ang paa ko dahil sa isang bakal na matalim ang gilid ang nasikaran ko. Napakalaki ng naging sugat ng paa ko. Pati ugat ng paa ko'y naputol dahil sa napakatalas ng bakal na aking nasikaran.

Mayroon pang ibang mga nangyari sa akin na inyo rin namang makukunan ng karanasan. Maraming

nangyari sa akin nang sisirin ko ang mga barkong lumubog. Katulad na lamang noong minsang mamatay ang makina na ako'y nasa loob pa ng barko. Wala akong kamalaymalay na namatay na pala ang makina. Nasa loob pa naman ako ng bodega. Wala rin akong kamalaymalay na naipit ng kable ang aking hos noong kasalukuyang ipinahahatak ko ang kable na pinagtalian ko ng bakal. Nang akmang sisenyas na lamang ako sa aking laynman, paghila ko ng aking hos ay napansin kong ito ay matigas na at ang hangin ay mahinang dumarating sa akin. Pati ang aking gas mask ay pinasok na rin ng tubig. Ang tinatawag na gas mask ay isang uri ng salamin na ginagamit sa pagsisid na ang mukha mo lamang ang natatakpan. At dahil sa mahina na ang hangin na dumarating sa akin, lumabas ako sa bodega ng barko at nakita kong naipit na ng kabli ang aking hos. Hindi na rin makarating sa akin ang senyas na ng naghahawak ng aking hos dahil sa naipit na ito at patay na pati ang makina. Hindi ako nag-aksaya ng panahon. Hinubad ko ang aking hos sa aking baywang pati ang gas mask ko at kumampay na lamang akong paitaas hanggang sa makarating ako sa ibabaw ng dagat. Hindi kinakailangang mabilis ang pagkampay. Kailangang dahan-dahan lamang ang pagtaas upang hindi madaling hapuin at

hindi kapusin ng paghinga. Maaaring hindi ako nakarating sa ibabaw dahil sa malalim ang aking pinanggalingan at tuloy magdilim na ang aking paningin. Magpapaikot-ikot na lamang ako hanggang sa malunod ako. Datapuwa't kung ang pagkampay ko ay dahan-dahan at kontrolado, medyo makakahinga-hinga ako nang kaunti dahil sa hindi ako na hapô.

Nang sanay na akong mabuti at nalalaman ko na ang lahat ng mahahalangang bagay, naging pangalawang pinuno ako at nagkaroon ng porsiyento sa may-ari. Sampung piso ang aking kaparte buhat sa aking amo sa bawa't isang libong kilong bakal na makuha ko. Dahil dito ay nagsusumikap akong sumisid. Sinimulan naming lagariin ang mga bakal na malalaki, yaong mga plansada at mga parka ng barko na sira-sira. Ang iba nama'y mga anggular na malalaki. Ang sinasabing anggular ay mga ligason na pinagdidikitan ng parka. Sari-sari ang nasisid namin sa mga barkong nalubog: mga tubo, pundido at tanso. Ang pundido ay mga bakal na madaling madurog. Hindi katulad ng barbula na nakakabit sa tubo na hindi kayang biyakin. Ang iba pa naming nasisid ay mga kasangkapan ng mga makina. Ang ibang mga bakal na may mga kung anong nakakabit

pa ay nilalagari namin. Mahigit sa isang oras kaming naglalagari sa ilalim ng dagat. Hindi kami lumalabas ng barko hangga't hindi namin natatanggal ang bakal na aming nilalagari. Nakakatagal lamang kami sa paglalagari kung mababaw ang kinalalagyan ng barkong aming sinisisid. Kung mababababaw lamang ang sinisisiran namin, nababawasan din ang bigat ng tubig at dahil dito'y hindi kami rin mapipinsala. Subali't kahit mababaw ang aming sinisisiran ay hindi kami nagtiwala kung kulang ang aming karanasan. Siyempre, kailangang dahan-dahan sa pagkilos sa ilalim ng dagat.

Kung malalim naman ang aming sinisisiran, hindi kami nagpapatagal dahil sa malakas ang bigat ng dagat sa ilalim. Padagdag nang padagdag ang bigat dahil sa malalim na. Kaya hindi kami nagpapatagal sa ilalim, mga kalahating oras lamang. Hindi na rin kami naglalagari. Mga bakal na lamang na hindi nakakabit ang aming kinukuha. Nguni't kung ibig naming maglagari ay dapat na ang bakal ay mga dalawang daliri lamang ang kapal. Dahan-dahan lamang ang aming paglalagari at hindi kami dapat magpatagal sa ilalim ng dagat. At kung magpapahatak kami ng mabibigat na bakal na ang timbang ay mga isang libong kilo,

bago kami magpahila ay tiyakin namin muna ang hos namin kung ito kaya ay maluwag o mahigpit. Kung maluwag ay higpitan namin upang kung malagot ang kable ay hindi matambakan ng bakal. Kung minsan, ang kable ay nalalagot dahil sa sumasayad ito sa matatalim na gilid ng barko at kung minsan ay dumudulas sa trangka ng winch dahil sa bigat ng bakal. Nangyari na ang ganito sa akin nang minsang maalon-alon ang dagat. Inakala naming kukulangin kami ng panggastos kaya't kahit maalon ay itinuloy pa rin namin ang pagsisid. Ako ang naatasang sumisid upang maghanap ng bakal na matatalian. Nakakita ako ng isang malaking pundido. Marahil, mahigit sa isang libong kilo ang bigat. Tinalian ko ito subali't nang malapit na ito sa labas ng bodega, ito ay sumabit sa anggular. Bago ko sinenyasan ang naglalaynman sa akin ay tumabi muna akong sumandali. Pagkatapos, tatlong beses akong sumenyas upang ibaba pa nang kaunti ang kable sa gayo'y makukuha ang pundido na nakabit sa anggular. Hinatak na nga ng mga nagbibirador ang kable. Nang malapit nang maisampa ang pundido sa salba, bumagsak ang alon sa salba at kapagdaka'y natanggal ang trangka ng winch. Dahil dito'y hindi na napigilan ng mga birador ang manigeta. Mabigat ang bakal at ang

bigat ay nadagdagan pa dahil sa pagkakatulak ng alon sa salba. Nang makita kong ang kable ay nakatambak sa gilid ng barko, naisip kong may nangyaring disgrasya sa itaas. Nagpahatak kaagad akong paitaas. Pagdating ko roon, nabatid kong ang isa sa mga birador ay nasugatan sa gilid ng mata dahil sa nahampas ng manigetang umiikot. Ikinarga namin siya kaagad sa isang motor upang dalhin sa ospital at matahi ng doktor. Kung hindi ako umalis sa loob ng bodega malamang na ako ang nabagsakan ng pundidong aking ipinahahatak.

Kaya, bago kayo pumasok sa mga mahihirap na gawain ay kailangang magkaroon muna kayo ng eksperiyensya. Kung hindi ako sanay, matagal na marahil akong nadisgrasya dito sa napakahirap na gawaing pinasukan ko. Ito ang mga nangyari sa akin nang ako ay nagsasalba.

MGA IBA PANG DISGRASYANG NANGYAYARI SA PAGSISID

Ang mga talang ito ay tungkol pa rin sa pagsasalba. Tungkol ito sa mga kapahamakang nangyayari sa pagsisid at kung bakit ang tao ay nababalda sa pagsisid sa ilalim ng dagat kung gumagamit sila ng buso. Katungkulan kong

ipaliwanag ang mga kapahamakang ito sa iyo upang malaman mo kung bakit nababalda ang tao sa paggamit ng kompresor.

Siyanga pala! Ang taong sumisisid nang nakakompresor at hos ay nababalda dahil sa labis na paggalaw at pagbubuhat ng mga bagay na mabibigat. Una, dahan-dahan lamang ang dapat na gawing pagkilos sa ilalim ng dagat. Pangalawa, huwag magpapatagal sa ilalim. Kung matagal ka sa ilalim at panay pa ang buhat mo ng mabibigat, madali kang mababalda dahil sa mamamanhid ang iyong mga ugat sapagka't nahihigop ito ng salaming may gomang panlagay sa mukha at pati na ng lamig. Dahil pa rin sa iba-iba ang temperatura sa ilalim ng dagat. May bahaging mainit-init, may malamig na tulad sa yelo at mayroon ding katamtaman ang lamig. Kaya't talagang maaari kang mabalda kung magpapatagal ka sa ilalim ng dagat. Ang pagkabalda'y kaagad mong mapapansin. Ang una mong mararamdaman ay tila tinutusok ng karayom ang iyong mga kamay. Kaya't kung makaramdam ka na ng ganito, makabubuting lumabas ka na agad mula sa kinaroroonan mo upang hindi ka tuluyang mabalda.

Hindi lamang dahil sa pagsisid maaaring mabalda. Maaari ring pagmulan ng pagkabalda ang

kompresor na nagkakarga ng deposito ng hangin sa tangke. Dito ay dumadaloy ang hanging iyong hinihinga. Nangyari na ang ganito sa isa sa aking mga kasamang manininisid. Pinaandar muna namin ang makina. Ilang sandali pa nang malakas na ang hanging nanggagaling sa tangke, nakita naming ang isa naming kasamang busero ay sumisid. Hustong nasa loob na siya ng bodega nang pumutok ang kompresor dahil sa lumuwag ang plag nito. Nangyari ito sapagka't nakaligtaan nilang bantayan ang lakas ng hangin sa panukat ng laman ng tangke na kanilang tinitingnan. Ang panukat ng laman ng tangke ay parang relo na may mga numero. Lumabis ang lakas ng hangin sapagka't nakaligtaan nila itong bantayan. Dapat sana'y napasingaw ito upang mabawasan ang lakas ng hanging nakadeposito sa tangke. Kung nabantayan sana nila, marahil ay hindi pumutok ang kompresor. Nang pumutok ang kompresor, ipinagbigay-alam namin kaagad sa naglalaynman sa kaniya na hatakin ang hos niya sapagka't mayroon nang nangyayari sa kaniya. Nang hatakin ng laynman ang hos, hindi siya kasama. Hindi nagtagal, nakita namin siyang pumaibabaw sa tubig at tinatawag kami. Kapagdaka'y lumukso kami sa tubig, sinagip siya at inilulan sa salba.

Sunod, pinahiran namin ng gamot ang buo niyang katawan. Tinanong namin siya kung alin ang masakit sa kaniya at sinabi niyang masyadong masakit ang kaniyang mata. Tiningnan namin ang kaniyang mga mata at nakita naming muntik nang lumuwa ang mga iyon. May dugong bumubugalwak mula sa kaniyang mga mata dahil sa biglang pagputok ng kompresor at biglang pag-akyat ng hangin sa kaniyang hos. Sa biglang pagputok ng kompresor ay sumingaw ang hangin na siyang sumipsip sa kaniyang mga mata. Minasahe namin ang kaniyang katawan subali't makaraan lang ang ilang sandali ay nanigas na siya. Sa pagkakataong ito'y pinaandar naming muli ang makina at siya'y aming kinabitan ng gas mask. Ibinalik namin siya sa dagat na may mga anim na dipa ang lalim. Nang naroon na kami sa ilalim, minasahe uli namin at sinuntok-suntok ang buo niyang katawan. Matagal namin siyang minasahe sa ilalalim ng dagat at marahil kulang-kulang na isang oras bago siya binalikan ng malay-tao.

Nang magmulat siya ng mata'y itinuloy pa rin namin ang pagmamasahe hanggang sa maigalaw na niya ang kaniyang mga braso pati na ang kaniyang mga paa. Saka pa lamang namin siya iniakyat sa salbid. Binalot namin ng damit ang kaniyang

katawan upang hindi siya madampian ng hangin. Pagkatapos, umuwi na kami sa Carbon. Sinabihan namin siyang huwag matulog pagka't ito'y makasasama sa kaniya. Pag natulog siya, mawawalan uli siya ng malay-tao sapagka't mahina pa at nananakit ang kaniyang buong katawan. Nang malapit na kami sa Carbon, nawalan na naman siya ng malay. Sapagka't hindi niya kami sinunod, natulog siya kaya't nanigas ang kaniyang katawan.

Pagdating namin sa bahay ng aming amo, minasahe namin siyang muli. Ipinasundo namin si Nitoy na magmamasahe sa Coron upang ipakoryente ang kasama naming nabalda. Pagdating ni Nitoy ay kinoryente niya siya kaagad. Saka pa lamang nanumbalik ang kaniyang malay. Tatlong linggo pa bago gumaling ang kaniyang mga mata dahil sa dugong lumalabas doon. Ngunit kung wala pa kaming nalalaman sa pagkakataong yaon, baka bangkay na siyang idinating namin sa Carbon. Kaya, kung may isang taong nawalan ng malay at halos mabalda sa pagsisid, ibalik siya sa dagat at masahehin upang bumalik sa dati ang normal na pagdaloy ng dugo sa mga ugat.

Ang mga pangyayaring ito sa aking pagsasalba ay maaaring kapulutan ng aral at maaaring

makatulong sa aking kapuwa-tao sakaling siya'y mabalda. Magagamit din ang mga pamamaraang nabanggit.

Narito pa ang isa pang disgrasyang nangyari sa akin sa aking pagsasalba. Minsan, nagpahatak ako ng tubo. Pinagsama-sama ko ang mga tubong may tig-isang dipang haba gayon din yaong tig-dalawang dipa. Nang mataas na ang tumpok, tinalian ko ang mga ito ng kable at ipinahila sa winch. Nanatili ako sa tapat ng aking ipinahatak sapagka't namamanà ako ng isda. Nang nasa ibabaw na ng tubig ang mga tubo at akma nang igagapos ng aking mga kasama sa itaas, nahulog ang ilan sa mga maiikling tubo. Hindi kasi mahigpit ang kanilang pagkakatali. Mabuti na lamang at ang mga ito'y hindi tumama sa aking ulo. Pero, nasugatan pa rin ako dahil sa isang malaki at matalim na tubong nahulog. Kaya, kung nagpapahatak ka ng túbo o bakal, huwag kang tatapat sa iyong ipinahahatak sa dahilang mapanganib ito. Baka ka mahulugan sa ulo o kaya'y sa katawan at ika'y masugatan nang malaki. Kaya huwag na huwag kang tatapat sa bakal na iyong ipinahahatak. Hindi lamang ito ang dapat mong maunawa. Marami ka pang mararanasan. Masyadong mahirap ang aking mga naranasan na. Tulad na lamang nga pagkawala ng

hangin sa aking gas mask. Sa oras pa namang yaong naghahanap ako ng bakal sa loob ng barko. Kasalukuyan akong nahahanap ng bakal nang bilang mawalan ng hangin. Walang-walang kahangin-hanging dumarating sa akin. Medyo nabalisa ako sapagka't hindi na ako makahinga. Bukod pa sa rito'y napasok na ng tubig ang aking gas mask. Nagtaka ako kung bakit walang hanging dumarating sa akin. Palagay ko'y naipit ang hos o kaya'y namatay ang makina. Wala akong maisipang gawin kundi paikutin ang balbula ng gas mask. Nang gawin ko iyo'y saka pa lamang nagkaroon ng hangin. Kaya, noon ko natuklasang sumasara ang balbula kapag ito'y nabubundol. Kaya, dapat mong pakaingatan ang balbulang ito na siyang kumukontrol sa hangin para hindi ka madisgrasya. Sapagka't pag sumara ang balbula, wala nang hanging tutustos sa iyo. Pag nawala ang hangin ay paikutin mo lamang ang gripo ng gas mask mo at ingatan mong mabuti sapagka't ito ang karugtong ng iyong hininga.

MGA KAGAMITAN SA PAGSASALBA

Nais kong malaman ninyo ang mga kagamitang gamit sa pagsasalba sa mga barkong lumubog. Ang

tinatawag na salba ay yaong mga lantsang ginagamit sa mga barkong lumubog. Ito ay may mga kumpletong kagamitan. Ang isa sa mga kagamitan na ginagamit sa pagsisid ay ang makina na tinatawag na kompresor. Ang tinatawag na kompresor ay siyang nagkakarga ng hangin sa tangke. Ganito ginagamit sa pagsisid ang ganitong uri ng makina: Una, bago paandarin ang makina ay ikabit muna ang kurea na umaabot hanggang sa kompresor. Ang tinatawag na kurea ay yaong tali sa pulea ng makina na nakakawit sa gulong ng kompresor. Ang kurea ay ikinakabit sa makina at kompresor. Pag umandar ang kompresor, ang hangin ay tuluy-tuloy na papasok at maiipon sa tangke. Sa sistemang ito, ang kompresor, tangke, at tubo ay magkakakabit. Ang tubo ang siyang pinapasukan ng hangin patungo sa tangke. Ang mga kagamitang ito ay nagkakaugnay-ugnay ng gawain. Kung kompresor lamang ay hindi maaaring pumasok ang hangin hangga't hindi umaandar ang makina. Hindi makaiipon ng hangin kung walang tangke. Kaya, lahat ng mga kagamitang ito sa pagsisid ay magkakaugnay sa isa't isa.

Nakakabit ang hos na ginagamit sa pagsisid sa tangkeng puno ng hangin. Ang hos ang siyang

dinadaanan ng hanging hinihinga ng taong sumisisid. Ang hos na ginagamit sa pagsisid ay nakakabit sa gas mask na siya mo na ring pinakasalamin. Ang gas mask ang nagsisilbing tagatimpla ng hangin. Kung nais mong malakas ang hangin, paikutin mo lamang ang balbula na nakakabit sa tubo ng gas mask. Sa gayo'y lalakas ang hanging kailangan mo. Ang tangke ay ipunan ng hangin na may nakakabit na parang relo na may mga bilang. Sa animo'y relong ito tinitingnan ang puwersa ng hangin. Halimbawa, kung malalim ang sinisisiran mo, mga isang daan at dalawampu't lima o isang daan at tatlumpu ang lakas ng hanging maiipon sa tangke. Kaya, kung ano ang lalim ng kinaroroonan mo, siya namang paglakas ng hanging mapapasaiyo. Sakaling mamatay ang makina ay may matitira pa ring hangin sa tangke. Maaaring mga sampung sandali pa ring may hangin ang tangke at makasasakay pa ang tao sa salba.

Hindi lang ang mga nabanggit na, ang kagamitang gamit sa pagsasalba. May tinatawag pa na winch na siyang pinag-iikiran ng kableng siyang bumubuhat ng mga bakal na mabibigat na isinasalba ng mga maninisid. Ang kable ay hindi kableng yantok o abaka kundi yaong katulad ng

ginagamit sa barko na pumbuhat ng mga mabibigat na bagay. Matibay ito sapagka't ito'y panay alambreng maliliit na nilubid na kasinlaki o higit pang malaki sa lubid na abaka. Itong tinatawag na kableng ito ang pinakamatibay kaya't ito ang ginagamit sa pagsasalba.

Tao rin ang nagpapaikot ng winch na siyang humihila sa bakal na nakatali sa kable. Manigeta naman ang tawag sa bagay na nagpapaikot sa winch. Ang tinatawag na manigetang ito ay di naiiba sa manigetang ginagamit sa mga makinang de manigeta. Ganito rin ang ginagamit sa pagpapaandar ng mga makinang tulad ng Continental at Petter. Ang pagkakaiba nga lamang sa manigetang ginagamit sa mga makinang nabanggit ay ang pagiging parisukat nito at ang pakakaroon nito ng butas sa dulo. Hindi rin ito nakapapagod sapagka't umiikot na lang nang kaniya ang makina. Ang winch na ginagamit sa pagsasalba ay nakapapagod sa dahilang tao ang nagpapaikot. Kung masanay ka na sa mga gawaing mabibigat e, parang bale wala na rin sapagka't ang mga kalamnan mo ay sanay na rin. Ang mga nabanggit na kagamitan sa pagsasalba ay mahalagang malaman mo sakali mang mapasok ka sa gawaing ito.

ANG PAGKAKAUNAWAAN SA SENYAS

Ang mga talang ito ay tungkol pa rin sa pagsasalba sa mga barkong lumubog. Senyas ang tawag sa pag-uunawaan ng mga taong nasa ilalim ng dagat at ng mga nasa itaas. Ang senyas ay napakahalaga sa taong sumisisid. Dito nalalaman ng taong nasa itaas kung ano ang nangyayari sa taong sumisisid. May iba't ibang uri ng senyas na dapat malaman sa pagsisid. Kung nagpapahatak ka ng bakal na iyong natalian na, sandali na ito upang sumenyas. Dapat mong hilahin ng dalawang beses ang iyong hos. Pagkatapos, paiikutin ng mga birador ang winch. Kung sakaling sumabit ang bakal na ipinahahatak mo ay minsan mo pang senyasan ang naglalaynman sa iyo. Sasabihin ng laynman sa mga birador na "Para!", at kaagad na ihihinto ng mga ito ang paghatak. Ipagpalagay na sumabit ang bakal na ipinahahatak mo, tatlong beses mong hilahin ang iyong hos bilang senyas at ang laynman ay magsasabi ng "Aria!" at kaagad na paiikutin ng mga birador ang kable sa winch. Kung natanggal ang bakal sa pinagsasabitan minsan lang ang gawing pagsenyas na ang ibig sabihi'y pumirmi. Sa gayo'y hindi hahatakin ng mga birador ang kable. Pagkatapos, itulak-tulak mo ang bakal

na iyong tinalian at itapat mo sa gitna ng butas ng bodega. Dalawang beses kang sumenyas at kaagad na paiikutin ng mga birador ang winch hanggang sa maiakyat ang bakal sa salba. Kung nakalabas ka na sa kinaroroonan mo, yugyugin mo lamang ang hos at tuluy-tuloy ka nang hahataking paitaas ng mga naglalaynman sa iyo. Hindi ka dapat na matakot na baka malagot ang iyong hos sapagka't ito'y napakatibay.

May iba pang mga senyas, tulad halimbawa, kung ikaw ay nasa ilalim sa loob ng barko at namatay ang makina. Sisenyasan ka ng iyong laynman nang minsan subali't malakas at malalaman mo nang namatay ang makina. Nguni't ang hangin ay hindi mauubos sapagka't may natitipon pa rin sa tangke. Kahit mga pitong sandali ka pa sa ilalim, may hangin pa ring makararating sa iyo. Kung umandar nang muli ang makina, sisenyasan ka ng laynman ng dalawang malalakas na hila.

Halimbawa, kung may anumang nangyayari sa iyo, o mayroon kang kinatatakutan, o bigla kayang sumakit ang iyong tiyan, sunod-sunod ang gawin mong pagsenyas sapagka't ang ibig sabihin nito'y nasa gipit kang kalagayan. Dalas-dalas na paghila ng hos ang senyas sa laynman upang malamang ika'y may kinatatakutan.

Ang senyas sa angkla kung ibig ninyong malaman, ay apat na beses hinihila ang hos. Aangatin naman ng naglalaynman sa iyo ang angkla at sa gayo'y maililipat mo sa ibang bodega ang angkla. Doon ka naman ngayon maghahanap ng bakal na matatalian. Pag natalian mo na ang angkla, limang beses mong hilahin ang iyong hos bilang senyas na hatakin ang angkla hanggang sa makarating ka sa bodegang lilipatan mo. Kung ibig mo namang magpahatak na palabas, yugyugin mo ang iyong hos bilang senyas sa laynman na nais mong umahon sa dagat. Ang mga nabanggit ang mga senyas na ginagawa upang magkaunawaan ang mga taong nasa itaas at nasa ilalim. Kaya't mahalagang malaman ang senyas sapagka't ito'y nagbibigay ng pag-uunawaan. Kung hindi mo alam ang mga senyas ay hindi ka makasisid nang nakasuot ng pansisid sa malalalim na bahagi ng dagat. Kailangang bago ka pumasok sa gawaing pagsisid sa malalalim na gumagamit ng kompresor ay pag-aralan mo munang mabuti at intindihin ang mga pasikut-sikot nito. Pag alam na alam mo na'y saka ka pa lamang makasisid sa malalalim na bahagi ng dagat.



M-3 Sa barkong tinatawag na M-3 ay dito ako sumuko sapagka't dito naipit ang aking kamay at pati ang makina'y namatay.

M-4 Hindi namin makita ang barkong itong tinatawag na M-4 kaya't hindi namin ito sinisid.

M-5 Walang disgrasyang nangyari sa amin nang sisirin namin itong barkong ito.

M-6 Dito sa barkong M-6 sumara ang balbula ng aking gas mask kaya, nawalan ako ng hangin.

M-7 Dito naman sa barkong M-7 nadisgrasyang nabalda ang aking kasamang maninisid sapagka't pumutok ang kompresor.

M-10 Ang barkong may bilang na sampu ay nakalitaw na noon pa mang una. Kaya, yaong mga nagkalat na mga bakal na lang ang aming nasisid.